



MEMORANDUM SIRKULAR  
BILANG 2018- 162

September 17, 2018

**T O :** LAHAT NG PUNONG PANLALAWIGAN AT LUNGSOD, REHIYONAL NA PINUNO SA ARMM, AT MGA REHIYONAL DIREKTOR NG DILG

**SUBJECT :** SUMMIT SA WIKA NG PAMAMAHALA NG MGA KATUTUBO, NA GAGANAPIN SA IKA-17 HANGGANG 19 NG OKTUBRE, 2018, SA UNIBERSIDAD NG PILPINAS BAGUIO, LUNGSOD NG BAGUIO


Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay itinakda ng Batas Republika Bilang 7104 na magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Fili[ino at iba pang mga wika ng bansa.

Itinataguyod ng KWF ang **Summit sa Wika ng Pamamahala ng mga Katutubo**, na idaraos sa Teatro Amianan ng Unibersidad ng Pilipinas Baguio, Lungsod ng Baguio, sa ika-17 hanggang 19 ng Oktubre, 2018. Ang summit ay naglalayon na tipunin ang mga Indigenous Peoples' Mandatory Representatives (IPMR) ng mga lalawigan at lungsod para sa talakayan ng mga usapin, konsepto, at kaalamang mahalaga para sa mahusay na pamamahala ng katutubong pamayanan at bumabalangkas ng mga kapasiyahan at mungkahing plano na nauukol dito.

Kaugnay nito, hinihikayat ang lahat ng mga Pinuno ng mga Pamahalaang Lokal sa mga lalawigan at lungsod na payagang dumalo ang kanilang mga IPMR sa naturang summit. Ang pondo ng mga kinatawan sa dalawang araw na summit ay sa opisyal na oras at ang gastos para sa transportasyon, akomodasyon, pagkain, at handouts ay sasagutin ng KWF sa pasubaling ito ay dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag aawdit.

Para sa karagdagang detalye at iba pang katanungan kaugnay ng summit, makipag-ugnayan kay G. Julio A. Ramos ng KWF, sa telepono na may bilang na (+632) 736-2525, o kaya sa email address: [juliokwf@gmail.com](mailto:juliokwf@gmail.com) at [komisjonsawika@gmail.com](mailto:komisjonsawika@gmail.com).

Ang Rehiyonal na Pinuno sa ARMM at ang lahat ng DILG Rehiyonal Direktor ay inaatasan ding ipalam at ipalaganap ang Memorandum Sirkular na ito sa kani-kanilang nasasakupan.

  
**BERNARDO C. FLORECE, JR.**  
Officer-In-Charge, DILG



**“Matino, Mahusay at Maaasahan”**